

Mga sobrang pagbabayad dala ng kawalan ng trabaho at koleksyon

Ano ang "overpayment o sobrang pagbabayad?"

Ang mga sobrang pagbabayad na benepisyo dala ng kawalan ng trabaho ay nangyayari kapag ang isang tao ay nakatanggap ng mga benepisyo na sa kalaunan ay napag-alaman na sila ay hindi karapat-dapat na makatanggap.

Ito ay maaaring mangyari sa dalawang pangunahing dahilan:

1. **Kung nakatanggap ka ng mas maraming benepisyo kaysa sa nararapat sa iyo.** Halimbawa:
 - Binabayaran ka sa isang batayang kondisyon habang sinusuri pa namin ang iyong claim.
 - Pagkatapos ng pagsusuri, nakita namin na hindi ka kwalipikado para sa halagang iyon.
 - Kung mangyari ito, padadalhan ka namin ng desisyon na may Pagtatasa sa Labis na Ibinayad, na magsasabi kung magkano ang utang mo.
2. **Kung nabigo kang tumugon sa isang kahilingan para sa impormasyon mula sa amin.** Halimbawa:
 - Nakatanggap ka ng abiso na kailangan namin ng higit pang impormasyon mula sa iyo. Ang mga halimbawa ay maaaring kailangan naming i-verify ang iyong pagkakakilanlan o kailangan namin ng higit pang impormasyon tungkol sa kung bakit ka umalis sa iyong trabaho. Dapat kang tumugon sa loob ng 10 araw na palugit.
 - Kung hindi ka tumugon sa loob ng itinakdang panahon na iyon, dapat naming ihinto ang mga karagdagang pagbabayad, mag-isyu ng pagtanggig sa mga benepisyong nabayaran na, at pagkatapos ay magpadala ng paunawa sa labis na binayad.
 - Tandaan: Ang labis na binayad na ito ay maaaring i-overturn sa sandaling makumpleto mo ang orihinal na kahilingan para sa impormasyon at nakitang pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Kung napalampas mo ang tinakdang panahon, mag-apela sa aming desisyon at ibigay ang hiniling na impormasyon. Batay sa iyong apela, maaaring alisin ang labis na binayad kapag nakumpirma naming kwalipikado ka.

Maaari kang mag-apela ng desisyon sa labis na binayad sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa sulat na ipinadala namin sa iyo. Maaari ka ring matuto nang higit pa tungkol sa mga apela sa pahina ng [Benefits Denials and Appeals \[Mga Benepisyo sa Pagtanggap at Apela\]](#) sa aming website.

Mangyaring huwag balewalain ang mga abiso sa labis na pagbabayad

Maliban kung ikaw ay kamakailang biktima ng panloloko ng impostor, na ibinabalangkas sa ibaba, dapat mong basahin nang maigi ang paunawa sa labis na pagbabayad at sundin ang mga tagubilin. Kung ang labis na pagbabayad ay resulta ng nawawalang impormasyon, pagkatapos ay makipag-ugnayan sa amin ayon sa itinagubilin sa sulat para maayos namin ang isyu, o gumawa ng plano sa pagbabayad na gumagana para sa iyo.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa pagsasagawa ng mga pagbabayad o mga plano sa pagbabayad, makipag-ugnayan sa yunit ng koleksyon:

866-697-4831

Upang matuto nang higit pa tungkol sa kung bakit mayroon kang labis na bayad, makipag-ugnayan sa claim center:

800-410-0758. I-dial ang ekstensyon 34 para sa tulong sa Tagalog (magagamit nang libre ang mga tagapagsalin).

Ang Employment Security Department ay isang employer/programa na may pantay na oportunidad. Available ang mga karagdagang tulong at serbisyo sa mga indibidwal na may mga kapansanan kung hihilingin. Available nang libre ang mga serbisyo ng tulong sa wika para sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles. Serbisyo sa Paghahatid ng Washington (Washington Relay Service): 711